

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin. Layunin nitong tulungan kang maunawaan ang nilalaman ng Abiso.  
Ang bersyong Hapon ang opisyal na dokumento na inilathala ng public health center.  
Ang isinalin na dokumentong ito ay hindi opisyal na dokumento.

⑨ **Sistema para sa paggamit ng Pamublikong pondo para sa Medikal na gastusin para sa pangkalahatang paggamot ng Tuberkulosis (Artikulo 37-2)**

Angkop na tao

- Outpatient na nagpapagamot ng Tuberkulosis sa nakatalagang medikal na intitusyon at walang posibilidad na makahawa sa iba.
- Taong tumatanggap ng gamutan sa sakit na Tuberkulosis ngunit naka-confine sa ospital dahil sa ibang sakit.

★ Sakop na medikal na gastusin ( para sa paggamot ng tuberkulosis)

- Chemotherapy (pagpapagamot sa pamamagitan ng gamot), paggamot sa pamamagitan ng Siruhia{surgery}(Opera, atbp), paggamot ng osteoarticular tuberkulosis sa pamamagitan ng orthosis therapy, X-ray, CT eksamen, eksamen ng tubercle bacillus, pagsuri upang malaman ang mga side-effects ng gamot (eksamen sa dugo, eksamen sa mata, eksamen Otolaryngologic) at iba pang medikal na gastusin.
- Ilang bahagi sa gastusin sa pagpapa-confine sa ospital para sa operasyon at paggamot ng osteoarticular tuberkulosis sa pamamagitan ng orthosis therapy.


(Tandaan) Ang bayad para sa unang pagpapatingin ng pasyente, bayad para sa muling pagpapatingin, bayad ng patnubay, bayad para sa medikal certificate, bayad ng kooperasyon ay hindi sakop sa babayaran ng pamahalaan.

★ Mga kinakailangan dokumento para sa aplikasyon( Direkta itong ipapadala sa Health Care Center mula sa medikal na institusyon)

- 1 Medikal certificate at Aplikasyon form ng Paggamit ng Pamublikong pondo para sa Medikal na Gastusin ng may Tuberkulosis
- 2 Litratong direktang kinuha sa X-ray (Kinuha sa loob ng 3 buwan bago ang aplikasyon.)

★ Halaga ng sariling babayaran ng pasyente

Sakop sa paggamit ng Seguro ng pasyente at ng pamublikong pondo ang 95% ng medikal na bayarin at ang natitirang 5% na bayarin ay sariling pasanin ng pasyente.

		(babayaran ng pasyente)
Sakop na medikal na gastusin ayon sa batas ng nakahahawang sakit	95% (sakop ng Seguro/pamublikong pondo)	5% 

Mangyari lamang na ipakita ang 「Sertipiko ng Pasyente」 sa medikal na institusyon at sa parmasya kung saan kumukuha ng gamot para sa tuberkulosis.

Ang paggamit ng pamublikong pondo para sa medikal na gastusin ay magsisimula sa araw na tinanggap ng Health care center ang 「Aplikasyon form ng Paggamit ng Pamublikong pondo」 .

Para sa Impormasyon o Konsultasyon . . .